HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY



**Mayor Corie Poblete**
*Silang, Cavite*

Vol. V No. 19 | April 12-18,2021 | P 10.00 | ISSN No.: 2672-3034

# PopCom-DSWD program emerges amid rising 'unintended' pregnancy



MANILA – The Commission on Population and Development (PopCom) will start a social protection program for adolescents with unintended pregnancies.

The program, in partnership with the Department of Social Welfare and Development (DSWD), is eyed for launch by the third quarter of 2021, PopCom chief Dr. Juan Antonio Perez III told the Philippine News Agency (PNA) on Friday.

"The Philippine government will strive to meet their needs constantly and comprehensively through constant communication with the young heads of families," Perez said, adding that PopCom was tapped by Congress to develop the program.

It will have multidimensional sources of protection, such as the possible provision of livelihood.

"These elements will ensure young people everywhere will have meaningful participation and safe spaces during these times, as the pandemic unleashes a host of challenges," he said.

The move was a response to a University of the Philippines Population Institute (UPPI) and United Nations Population Fund (UNFPA) study that showed a 42-percent increase in unintended pregnancies among Filipinos in 2020.

The increase was about 79,000 additional unintended pregnancies per month during the pandemic.

The results also cited a 67-percent hike in unmet needs for family planning among Filipino women.

One of 10 in the data was an adolescent.

The UPPI and UNFPA conducted the study to estimate the potential impact of the pandemic on key sexual and reproductive health.

The PopCom-DSWD program will prioritize the financially challenged and first-time mothers during the pandemic.

"These adolescents have no decision-making power, economic independence, autonomy, and are considered by many countries as powerless. They face greater risks of repeat pregnancies and are vulnerable to gender-based violence, as well as intergenerational poverty during, and as a result, of their early childbearing," Perez said.

He said young people need to have access to safe, trusted, and reliable information integrated into services ensuring health, protection, and psychosocial support.

"It is a fulfillment of their constitutional rights under Republic Act 10354, or the Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012," Perez added.

He said isolation and physical-distancing measures stemming from the pandemic's safety protocols could be limiting the capacity of the youth to exercise their rights. (PNA)

# Sama-sama, tulong-tulong na puksain ang COVID-19




Sa pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa, marahil marami sa atin ay nakakaramdam ng panghihina ng loob.

Matapos ng isang taon, tumambad na naman sa atin ang nagtataasang numero.

Ngunit maliban sa pagsunod sa mga alintuntunin na inilabas ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-MEID), mayroon tayong mga magagawa upang matulungan ang ating mga kababayan sa pinagdadaanan ng ating pamayanan ngayon.

Unang-una ay iwasan na natin ang lumabas ng ating mga tahanan. Kung papayagan naman tayo ng ating employer na mag-work at home, sa ating tahanan na lamang natin tapusin ang ating trabaho.

Karamihan sa mga tindahan ng ating mga pang-araw-araw na pangangailangan ay may delivery services na ngayon. Ganyang kagaling ang ating mga negosyante, pati mga karinderya ay nasa social media na. Patuloy natin silang suportahan.

Salamat sa teknolohiya, hindi na natin kailangang lumabas ng tahanan upang makipagkamustahan sa ating mga kaibigan. Mag-Zoom party na lang tayo. Iwasan na ang mga meet-ups. Paalala lamang po na mas nakakahawa ang mga bagong klase ng COVID-19. Mas maganda nang nag-iingat.

Kabilang sa NCR Plus ang Metro Manila, Bulacan, Cavite, Laguna, at Rizal. Kung ikaw ay taga-NCR Plus, puwede namang magbakasyon ngayong tag-araw basta sa loob lamang ng NCR Plus. Malamang marami sa atin ay nag-iisip na magpalamig sa Tagaytay. Okay po yan. Maari din pong tignan natin ang iba pang mga lugar sa Bulacan, Laguna, Cavite, at Rizal. Kaunting surfing lang sa internet ay siguradong makakakita na kayo ng mga lugar na maganda at hindi matao.

Maliban sa physical health, kailangan din nating pangalagaan ang ating mental at spiritual health. Kaya naman bukas ang mga lugar na iyan, basta po sumunod tayo sa health at safety protocols. Wear face mask at face shield. Wash hands. Observe social distancing.

Maging bukas tayo sa mga pagkakataon na magparamdam ng kabutihan sa ating kapwa. May kaibigan po ba tayong matagal nang hindi nakakausap? Wala bang balita ukol sa kanya? Magandang mag-hello tayo sa kanya. Baka kailangan lang ng kausap.

Mayroon bang bagong bukas na negosyo sa inyong pamayanan? Magandang tangkilikin natin ito. At kung may negosyo naman ang iyong kamag-anak o kaibigan, huwag na humingi ng discount. Kailangan kailangan nila ang bawat transaksyon ngayon.

May kaibigan, kamag-anak, o kakilala ka bang frontliner? Huwag kalimutang kamustahin sila. Kung kaya naman ng bulsa, padalhan sila ng tanghalian o merienda. Napakahirap po ng ginagawa nila. Matutuwa silang isipin na naiisip natin sila.


Huwag din nating kalimutang bigyan ng tip sila Kuya rider at Ate server. Kahit konting halaga ay makakatulong sa kanila.

Matindi ang ating pinagdadaanan ngayong panahon ngunit magiging magaan ang lahat ng ito kung isasabuhay natin ang mga salita ng ating Panginoon at kung susuklian natin ang bawat hamon ng kabutihan at kabaitan.####

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# Mga biktima ng sunog sa Dasmariñas, binigyang tulong ng LGU





Ibinahagi ni Cavite Congressman Pidi Barzaga ang mga naging aksyon ng lokal na pamahalaan ng Dasmariñas sa mga pamilya na naging biktima ng sunog nitong Abril 7.

Batay kay Barzaga, ang mga pamilya ay dinala at pansamantalang nananatili sa sampung covered courts sa may Area E sa tulong ng Public Safety Office. Nilimitahan sa 12 pamilya o grupo ang bawat covered court upang masunod pa rin ang karampatang social distancing.


Dagdag pa rito, naghanda rin ng agarang tulong ang lungsod para sa mga pangangailangn ng bawat pamilyang nasunugan.

"Naghanda rin ang LGU ng Love Buckets (hygiene kits, relief packs, medicines, utensils, towels, etc.), foldable mattresses, clothes, blankets, modular tents, face masks at face shields. Mayroon naring medical team sa mga cluster ng covered courts na nag-antigen testing, nagbigay ng vitamins at nakabantay in case of emergency," ani Barzaga.

"Nagbibigay din ang lungsod ng almusal, tanghalian at hapunan sa mga biktima ng sunog," dagdag pa niya.

Sa kasalukuyan ay naghahanap ng lugar ang lokal na pamahalaan ng Dasmariñas na magsisilbing relokasyon ng mga naapektuhang pamilya.









Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS, INC.
papi

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



**MAKATANG KABITENYO**
DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE
MAKATANG KABITENYO 1999
F&A.M LINCOLN LODGE # 34
DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## Ang Buhay

1. Naisip mo na bang nang ikaw isilang,
Ay wala kang malay sa pinanggagalingan?
Di marahil naman ang pinanggagalingan
Lugar ng liwanag na tukoy mo't alam.

2. Sa sinapupunan paligid ko'y tubig,
Walang ilaw doon, ako'y nakapikit,
Tunay kong simula ay di ko maisip,
Kulang ang utak ko sa ganyang paglirip.

3. Kung hindi liwanag, simula ko'y dilim,
Iyan ang hula kong nais na bigkasin,
Wala namang taong ako'y babarahin,
Sasabihing mali ang hula ko't turing.

4. Ang dilim kong hula ay parang totoo,
Wala pang liwanag na natanggap ako,
Ang buhay kong bigay ang tanging alam ko
At itong liwanag ang pakay sa mundo.

5. Ang ganyang liwanag may patong na sapin,
Lambong sa liwanag lumikha ng dilim,
Sungaw ng liwanag at palilinawin,
Ng hawi sa lambong na dapat kong gawin.

6. Marami ang lambong doon sa liwanag,
Isa-isang hawi, unti-unting angat,
At sa bawa't lambong na aking masikwat,
Ay katalinuhan ang aking nasagap.

7. Ako'y tumalino't kayang magdiskurso,
Tumayog ang isip sa gawi ng mundo,
Nakita ko rito'y iba't ibang bisyo,
Ngunit marami rin mabuting totoo.

8. Nakita ko'y laro gusto ng marami,
Pagpapakasaya ang pakay parati,
Mga hedonistang ganito'y nagsabi,
Buhay daw maigsi, kaya sige-sige.

9. May iba din namang hilig ay magtimpi,
Ayaw pumalaot sa galak na mithi,
Pagtitipid saka simple lang ang gawi,
At sabi'y ito daw ang tamang ugali.

10. Ang dalawang uring ganito'y may sumbat
Sa kabilang dakong di nila hinangad,
Subali't sa sumbat walang nagpahayag,
Na gawing kanila ay ang tama't tumpak.

11. Sa dulo ng buhay ng ating katawan,
Sabi'y ang kaluluwa aalis na lamang,
Alam ko'y ganyan din datapwa at saan,
Kaluluwa'y patungo? Sa kaliwanagan?

12. Di ganyan ang turo ng mga relihiyon,
Sabi'y saka lamang masid mo ang Poon.
Pag hinusgahan ka't napatawad doon,
Kung gayon sa dilim ng landas ang tuon.

13. Ang di napatawad lalagi sa dilim,
Wala siyang makita, marinig, mapansin,
Ito ang parusang alam kong darating
Sa taong malupit na kapwa'y sinaling.

14. Merong nagsasabing ang ganitong dilim,
Higit sa impyerno ang parusang angkin,
Ang ating kaluluwa'y walang sukat mandin,
Papaano kaya ito'y susunugin?

15. Ang paniniwalang ganito'y akin lang,
Di ko ipipilit sa taong sinuman,
Di nais banggitin sa pangmalawakan,
At balak ko dito'y manahimik lamang.

16. Talakayin nating mabuti'y katawan,
Atin nang isunod nang inyong malaman,
Kung ano ang laman ng diwa't isipan,
Balak kong isalin sa aking kaangkan.


# SM STATIONERY VIRTUAL ART FEST 2021



*International Art teacher Majenta Ocampo will teach kids on how to paint Nordic and Mandalorian - Themed Easter Eggs*



*The Faber Castell Acrylic Colours set is a compact set that is convenient and inexpensive way of getting started in new painting techniques like Nordic-Themed Style Painting.*



*Kylee Tabil of Kyleegraphy will share basic tips on Faux Calligraphy as you design your own Tumbler on April 24.*



*Mix and Match different pop colors with Sharpie Fine Markers.*



*On April 10 and 11, Pilot Pens' Teacher Mangel will be demonstrating the use of Pilot Juice Paint Markers in Batik Bag Coloring.*



*Batik- Bag Coloring Kit with Pilot Pen Juice paint Markers and Liquid Glue.*



*Pre-school teacher Jill Dungo will help kids in creating their own Glue Drawn Art from their own home.*



*Get this Elmer's Glue Drawn Art kit at www.smstationery.com.ph and join the SM Stationery's Virtual Art Fest.*

Take a break from your school or work routine by taking the artistic route online with the first SM Stationery Virtual Art Fest 2021 every weekend of April and May.

Celebrate your creativity and passion online as this year's Art Fest showcases traditional arts like brush calligraphy, watercolor and abstract painting; as well as contemporary expressions like Doodle Sketching, and pop arts and crafts that both mom and kids will love. Here's what they can look forward to:

- Visual Artist and International Art teacher Majenta Ocampo will share her knowledge and have fun painting Easter Egg in Nordic and Mandalorian- Style.
- Create your water color wonders with licensed Professional Teacher and YouTube Art Teacher Aimee Fadriguela , who will show some watercolor painting techniques using Prismacolor Colored Pencils in designing canisters and bookmarks. Teacher Mangel of Pilot Pens, on the other hand, will share the Watercolor resist art painting in Batik- Bag Coloring with Pilot Pen Juice Paint Markers and Liquid Glue.
- Calligrapher and eco-friendly artist Kylee Tabil of Kyleegraphy, will share some tips on Basic Faux Calligraphy and how to design reusable Tumblers with their favorite quotes and lettering.
- Preschool Teacher Jillian Dungo will share her tricks on how to Glue Drawn Art using different colors of Elmer's Glue.

There's more fun ahead as workshop participants will be given special prizes and freebies at the end of the workshop.

The SM Stationery Virtual Art Fest 2021 is in partnership with Sharpie, Faber Castell, Artline, Prismacolor, Papermate, Titus, Craft Easy, Elmer's, Tokyo Finds, Sakura, and Pilot. For more info, visit our website www.smstationery.com.ph and follow us on Instagram and Facebook in smstationeryph. **(KCHT)**



*Bring your artistic vision to life with Prismacolor Premier 24 Colored Pencils.*



*Licensed Professional Teacher Aimee Lea Fadriguela will be doing a workshop for Getting Crafty with Prismacolor on April 25.*



*Get creative and decorate your own Kraft bookmark.*

# Naic LGU, magdadagdag ng 40M sa pondo ng ayudang nakalaan sa kanilang bayan

Nitong Huwebes, ibinahagi ni Naic Mayor Junio Dualan na maglalaan ng karagdagang P40,000,000 budget ang kanilang lokal na pamahalaan upang mapunuan ang kakulangan sa inilaang pondo ng pamahalaang nasyonal sa ayuda ng kanilang bayan.

Una ay kaniyang ipinaliwanag ang ayudang inilaan ng pamahalaan sa bayan ng Naic na kung tutuusin umano ay kulang para sa lahat ng kabahayan.

"Gaya po ng aking nabanggit sa dati ko pong post ay Php 115,822,000.00 po ang inilaang pondo sa atin ng National Government at ito po ay buong puso kong ipinagpapasalamat sa ating mahal na Pangulo Rodrigo Duterte," panimula ni Dualan.

"Ang naging basehan po dito ay 2010 census which is 11 years ago. Kung atin pong susumahin ang nasabing Php 115,822,000.00 kung bibigyan ng Php 4,000.00 per household ay kakasya lamang po para sa 29,000 households. Sa kasalukuyan po ay may more or less 49,000 households napo ang bayan ng Naic. Kulang po tayo ng pondo para sa nalalabing 20,000 households," pagpapatuloy niya.

Sinabi rin ng alkalde na walang additional financial assistance na ipagkakaloob ang pamahalaang nasyonal sa pamamagitan ng Department of Budget and Management (DBM) kaya't nagpulong sila ng mga kawani ng bayan at napagdesisyunan na ang kanilang LGU ang magpupuno sa kulang na budget.

Pahayag ni Dualan, "Ang solusyon pong aming napagkasunduan ay ang magsupplemental budget ng halagang Php 40,000,000.00 mula sa savings ng ating munisipyo upang punuan ang kakulangan at mas marami ang mabigyan ng ayuda."



DUALAN

"Amin pong napagkasunduan na ang bibigyan po ay Php 1,000.00 to a MAXIMUM of Php 4,000.00 per Household depende sa kung ilan ang nakatira doon. Akin din pong sinabi na ang pag ischedule ng pamimigay ay on a first come first serve basis meaning kung sino pong barangay ang unang makapag submit ay siyang maiischedule for distribution after ng validation ng isinubmit nilang listahan ng beneficiaries," dagdag pa niya.


## *Pagbati Mula kina:*



**Mayor Emmanuel Maliksi**
*Imus City, Cavite*



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*



Mayor Jose Voltaire Ricafrente
*Rosario, Cavite*

# ROSARIO, BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD




# LET THERE BE LIGHT!

By
ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**SAMPALOK -** Ang Sampalok, Dasmariñas ay nayon na ang ngalan ay isinunod sa puno na galing sa India at ang tawag ay Tamar Hind.

# DOST-CALABARZON partners with DOST-PCIEERD, ADMU to conduct back-to-back workshops for techs in CALABARZON






Under the program entitled, "DOST's Strategy to Accelerate & Revitalize Technology Transfer (StARTT) in CALABARZON Region", DOST-CALABARZON collaborates with DOST-PCIEERD and the Ateneo Intellectual Property Office (AIPO) by conducting a one day workshop on Investment Pitching, and a Mock Pitching session last 17 March and 24 March, respectively. The said initiatives aim to scale up efforts in technology transfer and commercialization for potential startup founders in CALABARZON.

DOST-CALABARZON OIC-Regional Director, Ms. Emelita P. Bagsit, welcomed the participants and gave a message hoping that the researchers will become more confident and ready for the mock and actual technology pitching after the coaching and workshop. She also looked forward that they will learn more about the technicalities and strategies on technology pitching as well as to be inspired from the success stories of the invited speakers. Lastly, she added "As you go along on this journey, we wish that you'll see that one result of this activity is the established partnerships and linkages with experts that would be very essential as this may lead to further coaching and mentoring in the next stages."

These back-to-back events were attended by various Research and Development Institutes (RDIs) and State Universities and Colleges (SUCs) in the region namely, the DOST-Industrial Technology Development Institute, Southern Laguna State University, Laguna Polytechnic University, Cavite State University, Batangas State University, and University of the Philippines Manila.

***Workshop on Investment Pitching***

Following the "Webinar on the Assessment of Technology and Investment Readiness Level of RDIs/SUCs' Tech-

**(cont. P.5)**

# DOH SETS-UP MODULAR TENTS TO SERVE AS COVID ICUs/WARDS IN CALABARZON



***The 44-bed capacity heavy duty collapsible modular tent which will serve as emergency intensive care unit and ward for Covid patients in CALABARZON. It is a close tent with a 5-meter wide and 12-meter-long floor areafully covered with soft PVC side wall and with eave height. One modular tent cost Php294,850.00***

The Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) delivered a total of 16 collapsible tents to priority health facilities in the region to serve as an emergency intensive care unit (ICU) and ward for Covid patients.

"We have to augment and expand the capacity of our health facilities to accommodate the increasing number of Covid patients in the region. Hindi natin pwedeng sabihing puno na ang mga hospitals natin at hindi sila tanggapin. We have to find ways to help them. Buhay ng tao ang nakasalalay dito and we have to accept them. Naghihirap na nga sila, huwag na nating pahirapan pa. We must provide them the health access and service they need. Every health facility must be able to take care of patients seeking treatment," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

"The present Covid pandemic is an unprecedented health crisis that requires extraordinary amount of resources for an indefinite period of time. Lahat tayo dapat magtulungan to ensure that health facilities remain strong and stable in its ability to provide health care to all, especially during this time of pandemic."

**(cont. P.6)**



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Steam Engine - 1698
Thermometer - 1714
Anise - Asia
Basil - tropics
Alugbati - constipation

# LAHAT NG INDIBIDWAL O PAMILYA SA TRECE, MAKAKATANGGAP NG FINANCIAL ASSISTANCE

Inanunsyo ni Mayor Gemma Buendia Lubigan sa kanyang facebook page na ang lahat ng indibidwal o pamilya sa Trece Martires, Cavite ay makakatanggap ng Financial Assistance, botante man o hindi.

"DITO SA TRECE, ANG LAHAT NG INDIBIDWAL O PAMILYA AY MAKAKATANGGAP MULA 1k HANGGANG 4K, BOTANTE KA MAN O HINDI.

HH = Household
HH of 1 - 1k
HH of 2 - 2k
HH of 3 - 3k
HH of 4 or more - 4k

Sa ngayon ay may 46,950 number of households tayo dito sa Trece at may kabuuang 179,854 populasyon ayon sa CBMS ng April 2020.

Wala na pong usap dito kung SAP beneficiaries ka, waitlisted or low income vulnerable sector. ANG LAHAT NAMAN PO AY TALAGANG APEKTADO NG PANDEMYANG ITO. IYAN NA PO ANG MAGANDANG BALITA, ANG LAHAT PO AY MAKAKATANGGAP NG AYUDA."

# LGU Naic turns over new command center to Coast Guard




The local government of Naic turned over to the Philippine Coast Guard (PCG) last March 29, a newly constructed building that will serve as command center of the PCG stationed in the municipality.

Naic Mayor Junio Dualan led the turn over of the P1.3M one-storey, two-room building located within the compound of the Cavite State University (CavSU)-Naic campus in Barangay Bagong Kalsada to PCG NCR-CL Commander, Commodore Leovigildo Panopio.

"Ito pong bagong tanggapan ng Coast Guard-Naic ay pinaglaanan po natin ng budget para sa higit na pagpapalawig ng pagbabantay sa baybay dagat ng ating bayan," said Mayor Dualan.

(We had allocated budget for this new office of the Coast Guard to further strengthen their surveillance of the coastal areas in our municipality.)

PCG Cavite Provincial Commander Lt. Michael Encina and Naic Councilor Raffy Dualan, Chair of the Committee on Fisheries and Aquatic Resources witnessed the simple ceremony held at the Seaside Resort and Hotel.


Lt. Encina in an interview said, "Higit pa po namin papaigtingin ang aming trabaho bilang mga bantay baybaying dagat para sa kaligtasan ng mga mangingisda at turismo sa

(cont. P.7)

## EDITORIAL

Ang mga kalakal sa malalayong kanayunan ay nailuluwas matapos ang mahabang hirap gamit ang pasan at kabayo. Marami sa mga magsasaka ay hindi makapagtanim nang marami dahil ang mga kalsada ay hindi maayos.

Sa Amerika sa panahon ni Pres. Eisenhower ay ginawa ang maraming kalsadang naglagos sa maraming mga bukid. Ito ay nagbigay ng insentibo upang magtanim ang mga magsasaka. Ngayon ay maunlad na ang sakahan ng Amerika dahil sa mga lansangang nilikha sa panahong yaon.



# ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

*MAYOR ONY FERRER*

# DOST CALABARZON...

(from p. 4)

nologies" conducted by DOST-CALABARZON, DOST-PCIEERD, and DOST-TAPI last 19 February, the "One-day Workshop on Investment Pitching for Potential Startup Founders" was organized by the Ateneo Intellectual Property Office (AIPO) last 17 March.

Featuring some of Ateneo de Manila University's (ADMU) notable experts on business and management, the said workshop consisted of a series of talks and presentations as well as the drafting of pitch decks to prepare the participants in their technology commercialization journey. The resource speakers for the workshop were Mr. Benjamin Mirasol on "Can You Be An Entrepreneur?"; Mr. JJ Ingco III on "Describing Your Product"; Mr. Antonio Jr. P. Feria on "Strategizing for Market Adoption"; and Mr. George S. Quitoriano on "Convincing the Investors".

The lectures helped the participants first to be inspired that they can become successful entrepreneurs and developed their skills on pitching by describing their own technology in a way they think that will capture their market's interest. They were also equipped with concepts and strategies on market adoption and lean model canvas for prospective technology business. In the afternoon, the participants drafted their own pitch decks and presented it to the judges for critiquing.

***Mock Pitching Event***

The third part of the StARTT program is the Mock Pitching event where 12 technologies from the chosen RDIs and SUCs will present their recorded pitching videos to the panelists, followed by the open forum.

Ms. Russell Pili, Chief Science Research Specialist and Chief Technology Transfer Officer of the Research Information and Technology Transfer Division (RITTD) of DOST-PCIEERD, gave the opening remarks.

"I know that this is not exhaustive enough but this is enough to give you at least a glimpse of what it's like [to pitch]," admitted Ms. Pili, "The purpose of the pitch naman is to start a conversation." She assured the participants—especially the new ones—in the form of a joke, saying that while they should be nervous, they should also envision the mock pitching event as the "real" pitching session.

The program proper involved the video presentations from the chosen RDIs and SUCs in the first session of StARTT last month. After each product pitch, the panelists offered their critiques and suggested ways on how to better "market" these technologies. Mr. Edward Paul Apigo of DOST-PCIEERD, together with the speakers from the previous StARTT workshop on investment pitching namely, Mr. Benjie Mirasol, Mr. Jon Fernandez, and Mr. George Quitoriano of ADMU, served as the panelists.

As part of the banner program, StARTT, the previous workshops are to prepare the participants for the Regional Technology Transfer Day where potential investors and adopters will be invited, and the actual pitching will take place. **(DOST-CALABARZON/ Halyn Lunel Gamboa and Rochelle Cruz)**



# CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Uneasy peace was in Cavite during the exile of Gen Aguinaldo. America went to war against Spain and the Spanish Fleet was destroyed in Manila Bay. The Americans brought Gen, Aguinaldo back to Cavite and supplied him arms.**

# TOY KINGDOM'S SUMMER PLAYBOOK

Toy Kingdom's summer playbook collection highlights all things that make fun in the sun memorable – in an exciting new way.

Kids, after all, are spending more time at home, but it doesn't mean they can't play it cool in the pool; get sporty in their own backyard; or simply have fun bonding with family at home.

Make a splash in your own backyard with cool inflatable pools, floaters and bubble blasters. Create your own exciting water adventure with a whimsical Unicorn Island or Mermaid Tail Ring.

Girls will love to play all day with playhouses and play sets; while boys will enjoy some backyard sport activities with basketball sets, inflatable hoop sets and Nerf Fortnite adventures.

Check out the Toy Kingdom's Summer Playbook at www.toykingdom.com.ph and order now thru their Call to Deliver services at 0917.5578797 and have a personal shopper assist you. Follow ToyKingdomPH in Facebook and Instagram.**(KCHT)**




*Ride the pool waves with this inflatable Scooter Rider Dinghy.*



*Let the kids shop just like mom and dad with this Shop n' Learn Smart Checkout.*



*Toy Kingdom's Summer Playbook highlights all things that make fun in the sun memorable.*




*Summerize your backyard with this Intex Easy Pool Set.*



*Swim and relax with this Mosaic Fish Tail Ring.*



*Feel the waves with this Glitter Mermaid Tube.*



*It's fun whimsical swim party with this Mega Unicorn Island.*



*Play all day with this colorful slide set.*





*Intex Shootin' Hoops set for active kids*




*Little girls will love this Cape Cottage Playhouse.*




*Little Tikes Jump n' Slide Dry Bouncer*




*Bounce and Play with Playhouse Jump - o - Lene.*



*Teach your kids to get sporty with this 3 in 1 Kids Basketball Hoop Set with Soccer and Golf.*







*Play Fortnite in real life with Nerf Fortnite Series.*



*This baby rocking horse will helpyour baby's sense of balance and soothe their mood.*

# DOH SETS-UP MODULAR TENTS...

(from p. 4)

The 44-bed capacity modular tent will serve as an extension of the health facility. The tent has a 5-meter wide and 12-meter-long floor area. It is a closed tent, fully covered with soft PVC side wall and with eave height. One modular tent cost Php294,850.00

Among the sixteen (16) health facilities who received the heavy duty collapsible tents were Carsigma District Hospital in GMA, General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital in Trece Martires City, Ospital ng Imus in Imus and Southern Tagalog Regional Hospital in Bacoor in the province of Cavite; General Cailles Memorial District Hospital in Pakil, Laguna Medical Center in Sta. Cruz, San Pablo City General Hospital in San Pablo City, and San Pablo City District Hospital in San Pablo City in Laguna; Bondoc Peninsula District Hospital in Catanauan, Claro M. Recto Memorial District Hospital in Infanta, Gumaca District Hospital in Gumaca, Magsaysay Memorial District Hospital in Lopez, Quezon Medical Center in Lucena City and RAKK Prophet Medical Center Inc. in Gumaca in the province of Quezon; San Juan District Hospital in San Juan and Mabini Community Hospital in Mabini in Batangas province.

Janairo also disclosed that the provinces of Rizal and Batangas are now at high risk in terms of bed occupancy rate with 77.8% and 74.3%, respectively.

"We have moderate risk for total beds occupancy rate for the provinces of Cavite (65.2%), Laguna 63.8% and Lucena City (65.2%). The province of Quezon is at low risk with 57.8%."

"We have to be prepared to handle the influx of Covid patients not only from the provinces but also those of nearby Metro Manila. Our health facilities in the region are already accepting Covid patients from NCR for treatment and care," he emphasized.

The four mega quarantine facilities in the region are now at 64% occupancy rate with a total of 534 admitted patients from a total number of 839 beds capacity.

As of April 6, 2021, a total of 100,440 Covid cases were recorded in the region with 16,860 active cases. There are 80,901 recoveries with 2,679 deaths.**(GLEN RAMOS)**

* If you take care of your being, God will take care of your becoming.











***The Municipality of Rosario, Cavite through Municipal Health Office in co-operation with SM City Rosario is conducting another round of vaccination program to frontliners, April 7. The vaccination drive entitled Resbakunado Tayo, Mga Taga Rosario kicked off last March 29 at SM City Rosario's repurposed cinema hallway.***

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**IN RE: PETITION FOR CORRECTION OF TECHNICAL DESCRIPTION IN TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-1196883**

**ACM PROPERTY VENTURES INC., REPRESENTED BY JOSE NINO GOMEZ.**
Petitioner.

**LRC CASE NO. 5964-072-14**

-versus-

**REGISTRY OF DEEDS FOR THE PROVINCE OF CAVITE**
Respondent,
x-------------------------------------------------------------------------------------x

**ORDER**

A verified petition for correction of technical description of Transfer Certificate of Title No. T-1196883, in the name of registered owner, was filed by the petitioner.

Finding the aforementioned petition to be sufficient in form and substance. The same is hereby set for initial hearing on August 12, 2021 at 8:30 in the morning, where any and/or all parties interested may oppose the said petition.

Let copy of this Order be published at least once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation within the Province of Cavite at the expense of the petitioner and be posted at the Bulletin Board of Government Center Building, Trece Martires City, Public Market, Municipal and Barangay Hall, where the property is situated as well as on the land itself located at Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, and other copies together with the petition be furnished the Register of Deeds for the Province of Cavite, Office of the Land Registration Authority, Office of the Land Management Bureau, Office of the Solicitor General, petitioner and its counsel.

In view thereof, the petitioner or his/her duly authorized representative is hereby directed to immediately coordinate with the sheriff of this Court as regards the posting of this Order on the land which is the subject of this petition.

SO ORDERED.

Trece Martires City, March 5, 2021.

**(Sgd.) PURIFICACION A. BARING TUVERA**
Presiding Judge

Copy Furnished

**Atty. Maria Inez C. Togle**
4th Floor, CSJ Building, 105 Aguirre St.,
Legaspi Village, Makati City 1229

**ACM PROPERTY VENTURES INC.,**
**c/o JOSE NINO GOMEZ**
5'F CSJ Building, 105 Aguirre St.,
Legaspi Village, Makati City 1229

**Register of Deeds for the Province of Cavite**
Capitol Site, Trece Martires City, Cavite

**Office of the Solicitor General**
134 Amorsolo St., Legaspi Vill.,
Makati City

**Office of the Land Registration Authority**
LRA Bldg., East Ave., Diliman, Quezon City

**Office of the Land Management Bureau**
880 F.R. E Building Quezon Ave.,
Barangay Paligsahan, Quezon City 1111

**HUMANITY NEWS**
**March 29, April 5 & 12, 2021**

# LGU Naic turns over new command center...

(from p. 5)

bayan ng Naic, bilang suporta sa LGU."

(We will further intensify our work as coastal guards for the safety of fishermen and tourism in the town of Naic, in support to the LGU.)

During the short program, Mayor Dualan revealed that plans are in the works for the construction of the new building for the PNP Maritime Group office in Barangay Labac and four new sub-stations of the Philippine National Police (PNP)-Naic. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from Dennis Abrina)**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Balbas-bakiro bilang halamang gamot

Ang balbas bakiro ay isang gumagapang na halaman (vine) na karaniwang matatagpuan sa mga lugar na nasa Timog-Silangang Asya kung saan kabilang ang Pilipinas. Ang mga dahon ay palapad at nababalutan ng maliliit na mga buhok. Ang bunga ay mabilog, may tusok-tusok na balat at maaaring kulay dilaw o berde. Ang laman ay mamulamula at may mga malalaking buto.



***Scientific name: Momordica cochinchinensis (Lour.) Spreng; Momordica meloniflora Hand.-Mazz.; Momordica macrophylla Gage***
***Common name: Balbas-bakiro, Patolang-uwak (Tagalog); Baby jackfruit, Cochinchin gourd, Spiny bitter cucumber (Ingles)***

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Balbas-bakiro?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang balbas-bakiro ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang laman ng bunga ay mayaman sa ß-carotene at lycopene. Makukuhanan din ito ng vitamin E

May taglay ding heptacosane, ursolic acid, oleanolic acid, 18-pentatriacontanone, stigmast-4-ene-3ß,6a-diol at stearic acid

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Ugat**. Karaniwang kinakatasan ang ugat upang magamit na panggamot sa ilang kondisyon.

**Buto**. Ang mga buto ay karaniwang pinatutuyo at nilalaga upang mapainom sa may sakit. Maaari ding kuhanan ng langis ang mga buto upang magamit sa panggagamot.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring matulungan ng Balbas-bakiro?**

**Kuto at lisa**. Ang mga peste sa ulo ay maaaring maalis sa tulong ng paglalagay ng katas ng ugat ng balbas bakiro. Ginagamit ito na parang sabon o shampoo.

**Ubo.** Mabisang panglunas sa kondisyon ng pag-uubo ang pag-inom sa pinaglagaan ng pinatuyong buto ng balbas bakiro.

**Paglalagas ng buhok**. Maaari ding ipahid sa ulo ang katas ng ugat ng balbas bakiro upang maiwasan ang patuloy na paglalagas ng buhok.

**Pagsusugat.** Ang mas mabilis na paghilom ng sugat ay matutulungan din ng pagpapahid ng langis mula sa buto ng balbas bakiro.

**Hirap sa pagdumi.** Ang pag-inom sa pinaglagaan ng dahon ay makatutulong na maibsan ang pagtitibi o hirap sa pagdumi.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 19

# Simulation Drill of vaccination program with DOH & PHO sa Trece Martires City, Cavite

Noong April 6, 2021 ay binisita ni Mayor Gemma Lubigan at Vice Mayor Bobby Montehermoso ang simulation drill ng Resbakuna Team sa SM Trece na isa sa 3 identified nating Vaccination area dito sa Lungsod ng Trece.

Ayon sa facebook post ni Mayor Gemma Lubigan "Kasama po natin ang mga taga DOH at PHO upang masaksihan at maaprubahan nila ang proseso at sistema na inihanda natin. Base po sa kanilang evaluation after ng simulation ay handa na po tayo mag simula para sa HERD IMMUNITY.

Itutuloy po natin ang pagbabakuna sa A1 priority na nasimulan na din ng GEAMH.

Handa na po ang Resbakuna Team.

Asahan po ang mga paspopost namin ng mga dagdag kaalaman tungkol sa bakuna program.

Isunod ko pong ipost ang update ng guidelines tungkol sa Ayuda mula sa National Government.

Maraming salamat po SM Trece! Maraming salamat po sa ating mga volunteers! Goodluck Team Trece .

Go for Herd Immunity"

Para sa mga updates bumisita lamang sa facebook page ni Mayor Gemma Buendia Lubigan















*Ang ating St. Dymphna Community Isolation Facility ay accredited na at maaari na nating magamit para palakasin ang COVID-19 response ng lungsod.*

*Ito ay sa pamamagitan ng paglagda ni Imus Mayor Emmanuel Maliksi sa Memorandum of Agreement kasama sina Medical Center Imus (MCI) President Engr. Angelio Angeles at City Health Officer Ronaldo Calingasan.*

*Ang St. Dymphna Community Isolation Facility ay maaaring tumanggap ng higit sa 500 asymptomatic to mild cases ng COVID-19, at magiging malaking tulong sa pagpigil natin sa pagkalat ng sakit sa lungsod. Bahagi lamang ito ng ating tugon sa paglobo ng COVID-19 cases sa lungsod, at patuloy pa rin ang ating kampanya laban sa sakit na ito.*

## DO YOU KNOW ?

*The dog will serve man but man will serve the cat.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**